Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

*SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA GINANAP SA PAARALANG ELEMENTARYA NG BARANGAY PAGSAWITAN NUONG IKA-5 NG ABRIL, 2000, ARAW NG MIYERKOLES.*

*DUMALO:*

*KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR.................................KAGAWAD*
*Gumaganap na Pang. Punongbayan/*
*Tagapangulo*

*Kgg. Florencio C. Odejar................................ Kagawad*
*Kgg. Ricardo B. Ramirez................................ Kagawad*
*Kgg. Bernardo E. Ison................................ Kagawad*
*Kgg. Louie C. de Leon................................ Kagawad*
*Kgg. Ariel T. Magcalas................................ Kagawad*
*Kgg. Edgardo T. Porca................................ Kagawad*
*Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan................................ Kagawad*
*Kgg. Angelito U. Limjuco................................ Kagawad*
*Kgg. Jeffrey A. Villasenor................................ Kagawad*

*DI-DUMALO:*

*KGG. HEIDI S. CIRIACO................................PANG. PUNONGBAYAN*
On Leave

*KAPASIYAHAN BLG. 138-T'2000*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. EDGARDO ANGARA, KALIHIM NG KAGAWARAN NG PAGSASAKA NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG DALAWAMPUNG MILYONG PISO (P20M.) PARA SA PAGPAPAGAWA NG BAGONG MATADERO (SLAUGHTERHOUSE).*

*SAPAGKA'T, lubhang kailangan ng bayan ng Santa Cruz, Laguna ang pagkakaroon ng isang bagong matadero upang mabigyang-lugar ang dami ng mga kinakatay na hayop na makatutugon sa pang-araw-araw na pagkain ng lumalaking bilang ng mga mamamayan sa bayang ito at sa mga karatig bayan;*

*SAPAGKA'T, lubhang masikip at di na angkop sa pag-unlad ng bayang ito ang kasalukuyang matadero;*

*SAPAGKA'T, ang kinatatayuan ng kasalukuyang matadero ay may pangambang makalikha ng masamang polusyon sanhi ng nakikitang pagkasira ng balong pinagtatapunan ng mga dumi at pinagkatayan ng mga hayop;*

*SAPAGKA'T, may lupang pag-aari ang pamahalaang bayan upang pagtayuan ng bagong matadero;*

*SAPAGKA'T, walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan upang makapagtayo at makapagpagawa ng bagong matadero;*

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison at Edgardo T. Porca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay*

*PINAGPASIYAHAN: Na humiling sa Kgg. Edgardo Angara, Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang Dalawampung Milyong Piso (P20,000,000.00) para sa pagpapagawa ng bagong matadero (slaughterhouse)*

*INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Edgardo Angara, Kalihim, Kagawaran ng Pagsasaka, Lungsod ng Quezon, Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban, Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad at Pambayang Manananggol, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.*

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.*

JEANETTE P. ALFONSO
*Kalihim ng Sangguniang Bayan.*

*NAGPATUTOO:*

EUGENIO A. JAVIER, JR.
*Kagawad*
*Gumaganap na Pang. Punong Bayan/ Tagapangulo*

*PINAGTIBAY:*

DOMINGO G. PANGANIBAN
*Punong Bayan*